



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

THE YEAR OF VICTORY

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akbirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Ngayon ang unang araw ng Muharram. Nawa'y maging puno ito ng biyaya In Sha Allah. Nawa'y marami ang biyaya ng Allah sa bagong taon na ito sa Mundo ng Islam. In Sha Allah ang taong ito ang taon ng pagkapanalo ng Islam. Tayo umaasa dahil mahirap na ang panahon ngayon at malapit na ang tulong sa Allah. Kapag tayo'y nawawalan na ng pag-asa at puno na ng paghihirap, tutulungan tayo ng Allah. Tutulungan ng Allah ang mga mu'min kaya di dapat mawalan ng pag-asa.

Ang kawalan ng pag-asa ay pagkawala ng Iman. Kailangan mong maniwala at patuloy na umasa sa Allah. Humingi ka ng tulong sa Allah lagi upang dumating ang tulong niya In Sha Allah. Kaya ng Allah ang kahit na anong bagay. Binigyan tayo ng maraming biyaya. Di man natin alam ang halaga nito pero binibigyan pa rin tayo at pinapatawad niya tayo, sabi pa ng Allah azza wa jalla Wag kayong mawalan ng pag-asa sa aking awa.

Kaya ating sinasabi na ang taong ito ay ang pagkapanalo ng Islam. Ito'y malaking palatandaan sa atin na 1438 na taon na ang islam mula sa pagHijra ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Sabi noon ng kanyang mga kaaway, wala na siyang magagawa papatayin na natin ang Propeta, Ang sabi ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam kay Hazrat Abu Bakr Siddiq(ra) ay:

لَا تَحْزَنُ إِنَّ اللَّهَ مَعَنَا

“La tahzan, innallaha ma'ana.” (Sura Tawba:40) “Wag kang mangamba, kasama natin ang Allah.”

Ito'y malaking aral sa mundo ng Islam. Magandang salita ito. Walang makakapagpalungkot sa taong Mu'min, walang makakaapekto sa kanila. Di mailarawan ang kadakilaan ng Allah, lagi natin siyang kasama at sapat na siya sa atin.

1. Mubarak 2. Nimat



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Nawa'y gumanda ang mga taong ito. Nawa'y mabuti at puno ng biyaya sa mundo ng Islam. Nawa'y bigyan ng Allah ng patnubay ang inaaway ang Islam at nawa'y talunin ng Allah ang lahat ng di na magbabago sa pagkagalit sa Islam. Nawa'y di nila masaktan ang islam at ang mga muslim In Sha Allah. Nawa'y mabuti at puno ng biyaya ang taong ito. Nawa'y tumaas pa ang ating Iman at di tayo mangailangan ng kahit na sino In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
2 October 2016/1 Muharram 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

3. Qahr



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

